

Proseso ng Pagsasalin ng Talumpating Inagural ni Barack Obama

(Process of Translating Barack Obama's Inaugural Speech)

Alvin Ringgo C. Reyes
University of Santo Tomas
alvinringgoreyes@gmail.com

ABSTRAK

Layunin ng papel na ito na ilahad ang proseso ng pagsasalin ng talumpating inagural ni Barack Obama – ang kauna-unahang presidente ng Estados Unidos na Aprikano-Amerikano – mula Ingles tungong Filipino. Pinagsanib na teorya nina George Chapman at Friedrich Schleiermacher ang naging pangunahing gabay sa pagsasalin ng mananaliksik.

Mga Susing Salita: proseso ng pagsasalin, Barack Obama, talumpating Amerikano, saling batay sa kahulugan, araling pagsasalin

~~~

#### **ABSTRACT**

*This paper is aimed at discussing the process of translating the inaugural speech of Barack Obama – the United States' first African-American president – from English to Filipino. A combination of George Chapman's and Friedrich Schleiermacher's theories served as the researcher's guide in the process of translation.*

**Keywords:** translation process, Barack Obama, American speech, meaning-based translation, translation studies

~~~

Panimula

Ang isang salin ay hindi dapat tingnan lamang bilang produkto, o ang tapos nang salin. Singhalaga ng isang tapos nang salin ang prosesong pinagdaanan nito, o ang partikular na pamamaraan ng paglilipat ng mensahe ng orihinal bago ito naging salin. Para sa mga iskolar ng pagsasalin, mahalagang maipaliwanag ang proseso ng pagsasalin, na binubuo ng tatlong bahagi: paghahanda sa pagsasalin, aktuwal na pagsasalin at ebalwasyon ng salin.

Bago ang Salin: Mula Pagpili ng Teksto Hanggang Pagpili ng Metodo

Pinili kong isalin ang talumpati ni G. Barrack Obama noong manumpa siya bilang ika-44 na Pangulo ng Estados Unidos sa maraming dahilan.

Una, ang pagiging makasaysayan ng pagkakaluklok ng isang Itim sa pinakamataas na puwesto sa Amerika gayong sa mahabang panahon sa kasaysaya'y ni hindi nga sila pinalalahok sa halalan. Pangalawa, nagsilbing semento si Obama na lalong nagpatibay sa pagkakaisa ng mga Puti at Itim na matagal nang pinagbukod ng mga kaibahan kahit nasa iisang bansa. Pangatlo, nagsilbing langis si Obama na lalong nagpaalab sa ningas ng pag-asa hindi lamang ng mga Amerikano, kundi ng maraming mamamayan sa bansa, na labis na umiinda sa epekto ng pandaigdigang krisis sa pananalapi. Panghuli, si Obama'y buhay na tanda ng pagbabago. Nangangampanya pa lamang siya, pagbabago na ang pangunahing temang maririnig sa kanya at sa pag-upo niya bilang pangulo, inasahang babaguhin niya ang mga bulok na patakarang pinairal sa nakalipas na administrasyon, gaya ng pagkubkob sa bansang Iraq at pagpapahirap sa mga preso sa Guantanamo.

Habang tinutunghayan ko ang panunumpa ni Obama sa TV, bagamat hindi naman ako mamamayan ng kanilang bansa, nakadama rin ako ng kaligayahan at pag-asa. Natutuwa akong masaksihan kung paano lumuha ang mga Itim, tulad ni Oprah Winfrey, sa tagumpay na tinamo ng kanilang kalahi; kung paano magdiwang ang mga Puti sa pagkapanalo ng di nila kakulay gaya ng napanood kong pagdiriwang ng libo-libong Puti sa isang stadium sa Amerika; at kung paano maluwag na tinanggap ng nakatunggali ni Obama ang kanyang pagkatalo sa eleksiyon at buong pusong sinuportahan ito. Nakakatuwa ring makita kung paano ipinasa ni Pangulong Bush ang puwesto sa kanyang kahalili at tahimik na bumaba sa puwesto, tulad ng itinakda ng kanyang kapalaran.

Ninai kong hulihin ang kadakilaan ng pagkakaluklok kay Obama sa puwesto – ang matingkad na markang nilikha nito sa kasaysayan, ang di matatawarang bisang iniwan nito sa puso't kaluluwa hindi lang ng mga Amerikanong tatanggap ng kanyang pamamahala kundi ng lahat ng mamamayan sa buong daigdig na sumaksi rito at ang sariwang pag-asa at diwa ng pagbabagong ipinunla niya sa bawat isa. Naghanap ako ng isang bagay na maaaring sumaklaw at kumatawan sa kadakilaang iyon at natagpuan ko ito sa mismong talumpating binigkas niya makaraan ng panunumpa. Nilalaman ng talumpating ito ang pagtanaw sa mahabang kasaysayan ng Amerika mula sa mga payak na simulain nito hanggang sa pagkakaluklok sa pedestal na kinalalagyan sa ngayon; masusing pagtalakay sa kasalukuyang kalagayan ng bansa, partikular na sa krisis na nananalanta dito; at paglalatatag ng matibay na plano ng pagkilos na binabalak ng papasok na administrasyon upang matugunan ang mga iyon. Naniniwala akong napapanahon ang nilalaman ng talumpati ni Pangulong Obama sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa na dumaranas ng kahirapan at kawalang pag-asa sa nakaraang administrasyon.

Tunay na ako at ang aking teksto ay may likas na ugnayan o “natural affinity”. Tulad ng binanggit ni Aurora E. Batnag sa kanyang disertasyon (1997), dahil sa nararanasan ko sa ating bansa ay “nadama” ko ang teksto at “pumintig” ito sa aking puso. Sa pagbasa at pagsasalin ko nito, unti-unting nakaranas ako ng metempsychosis, at nagawa kong pumaloob sa diwa ni Pangulong Obama, maunawaan ang kanyang nadarama, naisip at binabalak gawin at magkaroon ng tanging ugnayan sa kanya. Umusbong sa akin ang hangaring maipaabot sa ating mga kababayang nawawalan na ng pag-asa ang kaligayahan at pag-asang nadama ko nang masaksihan ang pagluluklok kay Obama sa puwesto at ninais kong ipatanto sa kanila ang pangangailangang basagin ang “pagkasanay” sa kasalukuyang sistema at pakilusin din sila tungo sa pagbabago. May mga pagsubok din akong hinarap sa pagsasalin ngunit naging madali ito para sa akin sa pangkalahatan dahil “gusto” ko ang tekstong isinasalin ko.

Matapos mapili ang teksto, dinawnlowd ko na ito sa internet (Obama, 2009) at binasa nang mapanuri. Sa pagbasa ko nito, ginunita ko ang mga pangyayari sa Estados Unidos at sa ating bansa at binalikan ang kasaysayan upang lalong maunawaan ang teksto. Inalam ko ang kaligiran ng halalan sa Estados Unidos nang may tuon sa tunggalian nina Edwin McCain at Barrack Obama at pinasadahan ang mga polisiya ni Pangulong Bush sa kanyang panunungkulan na tinuligsa ni Obama sa kanyang pangangampanya. Nagsaliksik din ako sa mga pahayagan at internet at nagtanong-tanong sa mga kasamahang guro sa kasaysayan tungkol sa mga isyung nakapaloob sa teksto, gaya ng resesyon, pandaigdigang krisis sa pananalapi, digmaan sa Iraq at Afghanistan, diskriminasyon sa mga Itim at iba pa. Aktibo ko ring pinagana noon ang aking iskema at ang mga kaalamang natutuhan ko mula sa mga klase sa araling panlipunan upang matagumpay na madekowd ang mga kaisipang matutunghayan ko, gaya ng kasaysayan ng pagkakatatag ng Estados Unidos.

Dahil isinilang ako sa panahon ng information age at upang higit na maging direkta ang pagsasalin, softcopy na sa computer ang ginamit ko sa pagsasalin at hindi na papel at pluma. Naging madali sa akin ang pagsasalin dahil sa yaman ng kaligirang pinag-aralan ko bago pumaloob sa gawain at dahil na rin sa katatasan sa mga wikang Filipino at Ingles na sangkot sa proseso. Gayunpaman, sa pagtutumbas sa mga terminong di gaanong pamilyar, nakatulong nang malaki sa akin ang tesauro ng Microsoft Word na nakapaloob na sa programa. Kinailangan ko lamang ituon ang pointer ng mouse sa salita, i-right click ito at hanapin sa “synonyms” ang kasingkahulugan ng salita. Kapag wala namang maipanumbas ang MS Word sa salita, tinutuklas ko ang ibig nitong sabihin sa mga diksyunaryong online o di kaya’y ginagamit ang aking intuwisyon.

Pinagsanib ko ang mga teorya nina George Chapman at Friedrich Schleiermacher bilang gabay sa pagsasalin. Ginamit kong sanggunian ang *Teksbuk* sa

Pagsasalin nina Batnag at Petras (2009) at ang mga siping narito ay mula sa aklat na nabanggit. Kinonsulta rin ng mananaliksik ang gabay sa pagsasalin ng inilabas ng NCCA (Almario, 1996).

Naniniwala si Chapman na “dapat mahuli ng tagasalin ang diwa ng orihinal ... sa paniwalang posibleng ilipat ang diwa at tonong orihinal sa ibang kontekstong kultural sa pamamagitan ng isang tagasaling singhusay ng orihinal na awtor at may tungkulin at responsibilidad hindi lamang sa kanyang pinag-uukulang tagabasa kundi maging sa orihinal na awtor.” Para naman kay Schleiermacher, “mahusay ang isang salin kung ito ay tunog-dayuhan dahil “sa kaniyang makabayang pananaw, [ito] ay paraan upang mapaunlad ang wika at literatura.” Ang metodo namang ginamit ko sa pagsasalin ay matapat, isang metodong “sinisikap ibigay ang kahulugan ng orihinal habang sinusunod ang estrukturang gramatikal ng simulaang lenggwahe”. Sa paraang ito, “kung paano inihanay ang mga salita sa simulaang lenggwahe, gayon din ang ginagawang paghahanay ng mga salita sa tunguhang lenggwahe na nagreresulta sa madulas na daloy ng salin.”

Aktuwal na Pagsasalin: Mula Unang Bersiyon Hanggang Panghuling Rebisyon

Batay sa teorya ni Chapman, sinikap kong hulihin ang mga katutubong katangian at nilalaman ng talumpati ni Obama – puno ng pasasalamat at tumatanaw ng utang na loob, hindi lamang sa mga kapwa niya Amerikano kundi sa mga naunang salinlahing naghawan ng landas para sa kanila; kumikilala sa mga suliraning nararanasan ngayon ng bansa ngunit naglalatatag ng mga kongkretoong hakbang kung paano matutugunan ang mga ito; nangungusap hindi lamang sa kanyang mga kababayan kundi sa mga mamamayan sa buong daigdig, lalo na sa mga lahing tuwirang may kaugnayan sa kanilang estado; kumikilala sa kaakuhan at pagkamamamayan ng isang Amerikano at nagmamalaki sa kanyang kultura’t pagkakakilanlan; at palaban ngunit puno ng pag-asa. Ginampanan ko ang binanggit ni Chapman na tungkulin sa may-akda sa pamamagitan ng pagsisikap na mapanatili ang pangunahing diwang ipinaloob ni Pangulong Obama sa kanyang teksto samantalang tinupad ko naman ang responsibilidad ko sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pagtiyak na maihahatid sa kanila ang katulad na bisang naranasan ng mga taong sadyang pinaglaanan ni Obama ng kanyang talumpati at aktuwal na sumaksi sa kanyang inagurasyon. Dahil batid kong teksto lang ang matutunghayan ng aking mga mambabasa, marapat lang na sa pagtunghay nila rito’y makarating sa kanila ang orihinal na intensiyon at mensahe ng may-akda, madama nila ang mga orihinal na damdaming nakapaloob dito at maranasan nila ang orihinal na buhay na ipinagkaloob dito.

Batay naman kay Schleiermacher, pinanatili ko ang pagiging tunog-dayuhan ng akda sa pamamagitan ng pagpapanatili ng diwang Amerikano nito. Sa pagtunghay sa

teksto, madadamang bagamat nasa wikang Filipino ito, hindi mga Pilipino ang target audience nito kundi mga Amerikano. Nais ko kasing ipadama sa mga mambabasa na ang tagumpay ng mga Amerikano sa pagluluklok kay Obama ay eksklusibo lamang sa kanila; bagamat “nadama” natin ang teksto, hindi dapat makondisyong kasama tayo sa mga matatangay sa pag-unlad dahil may sarili tayong realidad na kinapapalooban. Pumapasok ang bahagi ng aking pagpoprotesta sa pagpapamalas sa mga mambabasa ng tagumpay ng ibang lahi at panghihikayat sa kanilang kumilos upang magkaroon tayo ng sariling tagumpay na mararanasan, sariling ligayang madarama at sariling masayang kuwentong sa ibang wika naman isasalin. Samantala, ang ginamit ko namang metodo sa pagsasalin ay matapat. Dahil layon kong panatilihin ang orihinal na diwang ipinaloob ng may-akda sa mga salitang kanyang ginamit at bigyan ng katulad na karanasan ang mga mambabasa gaya ng naranasan ng tunay na target audience ng talumpati, sinubukan kong bigyan ng katumbas sa Filipino ang bawat salitang ginamit ni Obama, na sumasalamain sa angkop na kahulugan at orihinal o pinakamalapit na estruktura nito. Dahil dito, naniniwala akong nakapagbunga ako ng tekstong mas natural, madulas ang daloy, hindi tunog-salin at madaling unawain.

Sa simula, isinalin ko nang tuwiran ang mga bahagi ng talumpati ni Pangulong Obama ngunit dahil may kahabaan ito, nakatatlo o apat na sesyon yata ako bago nakumpleto ang teksto. Bago ako magsimula sa pangalawang installment ng pagsasalin, binabalikan ko muna ang mga natapos ko na, binabasa at ginagawan ng rebisyon. Doon ko nakikitang may mga salita pala akong ginamit na di maganda sa pandinig o may mga bahaging namali ako ng pag-unawa kaya dapat palitan ang salin o may salitang mas gaganda pa pala sa una kong ginamit kaya lang ay di ko mahagilap sa alaala ko noong unang nagsasalin. Ilang halimbawa nito’y ang sumusunod:

- Orihinal: For us, they packed up their few worldly possessions and traveled across oceans in search of a new life.
- Unang salin: Para sa atin, **binitbit** nila ang **ilan nilang mga makamundong pag-aari** at naglakbay sa mga karagatan upang tumuklas ng bagong buhay.
- Panghuling salin: Para sa atin, **dinala** nila ang **ilan nilang mga ari-arian** at naglakbay sa mga karagatan upang tumuklas ng bagong buhay.

Makaraan kong maisalin ang buong teksto, maingat kong pinagtapat ang mga pangungusap sa isang talahanayan upang mas madaling makita kung natumbasan ba ang bawat estruktura at kahulugan ng simulaang lenggwahe. Dito ko nakitang may mga salin pala akong mapapabuti pa kung aayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga salita dahil kapag pinanatili ang orihinal, nagiging mabagal ang pagbuo ng malinaw na kahulugan. Halimbawa:

- Orihinal: What is required of us now is a new era of responsibility -- a recognition, on the part of every American, that we have duties to

ourselves, our nation and the world; duties that we do not grudgingly accept but rather seize gladly, firm in the knowledge that there is nothing so satisfying to the spirit, so defining of our character, than giving our all to a difficult task.

Unang salin: Ang hinihingi sa atin ngayon ay isang bagong yugto ng pananagutan – ang pagkilala sa bahagi ng bawat Amerikanong may mga tungkulin siya sa kanyang sarili, bansa at daigdig; ang mga tungkuling hindi natin tinatanggap nang may inis sa halip ay inaako nang may saya ay nagpapatibay lang sa paniniwalang wala nang makapagpapaganap pa sa ating kaluluwa, **sadyang tunay sa ating pagkatao**, kaysa pagbibigay ng buo nating makakaya sa paggawa ng mahirap na tungkulin.

Panghuling salin: Ang hinihingi sa atin ngayon ay isang bagong yugto ng pananagutan – ang pagkilala ng bawat Amerikanong may tungkulin siya sa kanyang sarili, bansa at daigdig; ang mga tungkuling hindi natin tinatanggap nang may inis sa halip ay inaako nang may saya ay nagpapatibay lang sa paniniwalang wala nang makapagpapaganap pa sa ating kaluluwa kaysa pagbibigay ng buo nating makakaya sa paggawa ng mahirap na tungkulin. **Sadya nitong sinasalamatin ang ating pagkatao.**

Sa sinundang sampol, ang orihinal na teksto'y isang halimbawa ng langkapang pangungusap, nagtataglay ito ng sala-salabid na sugnay na tinuhog sa iisang estruktura. Gayunpaman, kung pananatilihin ang orihinal na pagkakasunud-sunod ng mga salita, nakakatisod sa pang-unawa ang pagpapanatili ng “sadyang tunay sa ating pagkatao” na nakasingit sa pagitan ng dalawng sugnay. Mas magiging madulas ang pagbigkas sa naisaling teksto at madaling maunawaan kung ilalabas ang paningit at gagawing hiwalay na pangungusap. Bukod sa mga nabanggit, narito ang ilan pang paliwanag sa isinagawang salin:

Orihinal	Salin	Paliwanag
1. That we are in the midst of crisis is now well understood.	1. Ganap na ngayong nauunawaang tayo'y nasa panahon ng krisis.	1. Mananatili pa rin ang kahulugan at mas madulas ang pangungusap kahit hindi tumbasan ang “that.”
2. Our nation is at war ,	2. Ang ating bansa ay nakikidigma	2. Inuna ang paksa upang higit itong mabigyan ng empasis.

against a far-reaching network of violence and hatred.	laban sasanga-sangang karahasan at poot na malayo na ang nararating.	Mas madulas at angkop sa estruktura ng Fil ang ganitong pagsusunod-sunod ng salita. Sanga-sanga” ang itinumbas sa “network” dahil ito ay isang pangyayari o suliraning nagbunga ng mas marami pang pangyayari o suliranin. Ang “far-reaching” ay hindi lamang pag-abot na heograpikal kundi pag-abot na konseptwal. Ang karahasan at poot na tinutukoy ay maaaring nagsimula lamang sa isang payak na usapin ngunit sa paglipas ng panahon, maaaring marami nang tao ang nakadama nito, naapektuhan o napakilos na lalong nagpalala sa pangyayari.
3. Our economy is badly weakened, a consequence of greed and irresponsibility on the part of some, but also our collective failure to make hard choices and prepare the nation for a new age.	3. Lubhang nanghihina ang ating ekonomiya, hindi lamang dahil sa kasakiman at kawalang pananagutan ng ilan, kundi dahil din sa pangkalahatang kabiguan nating makagawa ng mabibigat na pasya at maihanda ang bansa sa makabagong panahon.	3. Isiningit ang mga salitang “hindi lamang” kahit wala ito sa estruktura ng orihinal dahil “implied” ito. Sa pagsisingit ng “hindi lamang”, naihahanda ang pagpasok ng isa pang sugnay sa pangungusap at nagiging matibay ang pagsasama ng mga ito sa teksto. Nakukuha rin ang inaasahang bisa dahil sa halip na pagtagisin ang dalawang sugnay (dahil isang panalungat na pangatnig ang “but”),

4. Homes have been lost; jobs shed; businesses shuttered.	4. Maraming nawalan ng tahanan; maraming natanggalan ng trabaho; maraming nagsarang negosyo.	nagagawang ipandagdag ang pangalawa sa una. 4. Isiningit ang pang-uring “marami” upang malimitahan ang mga apektado sa mga suliraning inilahad. Kapag ginawa kasing tuwiran ang salin, gaya ng “Nawala ang mga tahanan, natanggal ang mga trabaho, nagsara ang mga negosyo”, nagiging panlahat ang saklaw nito gayong marami rin naman ang nananatiling nasa mabuting kalagayan sa kabila ng krisis sa pananalapi.
5. Our health care is too costly; our schools fail too many; and each day brings further evidence that the ways we use energy strengthen our adversaries and threaten our planet.	5. Naging napakamahal ng pangangalaga sa ating kalusugan; lubhang marami ang di makapasok sa ating mga paaralan; at sa bawat araw na lumilipas, lalong napapatunayan na ang paggamit natin ng enerhiya ay lalong nagpapalala sa ating mga problema at nagbabanta sa ating daigdig.	5. Naglagay ng salitang “naging” upang ipahiwatig na ang mga suliraning tinatalakay sa teksto’y hindi naman dating lagapan; na nangyari lang ang mga ito bunsod ng isang pagbabagong naganap kailan lang, ang pandaigdigang krisis sa pananalapi. Hindi rin ginawang paksa ang mga batayang pangangailangan gaya ng posisyon nito sa simulaang lengguwahe upang mailagay ang diin ng pangungusap sa mga taong sangkot. Samantala, ang ginawa namang salin sa pangalawang sugnay ay

6. These are the indicators of crisis, subject to data and statistics.	6. Ang mga ito ang mga pananda ng isang krisis, na inaayunan ng mga datos at estadistika.	“lubhang marami ang di makapasok sa ating mga paaralan” sa halip na “ang paaralan ay bumigo ng lubhang marami” dahil 1. ninais ngang ilagay ang tuon sa mga tao at hindi sa paaralan kaya ang mga tao ang siyang inilagay sa una at inihuli naman ang eskuwelahan; at 2. hindi naman ang paaralan ang siyang bumibigo sa mga mamamayan kundi ang mga mamamayan ang nabibigong makapasok sa mga paaralan. Lahat ng ito’y ayon pa rin sa pinag-aralang kaligiran ng teksto na ginamit upang lalong maunawaan ang kontekstong ginagalawan nito at mahanapan ng higit na angkop na katumbas ang nilalaman nito. 6. Tinumbasan ang “subject” ng “inaayunan”; natiyak na nahaharap sa krisis ang Amerika dahil sa mga datos na una nang nakalap. Nasabi ang mga suliraning inilahad dahil bunga ang mga ito ng mga pag-aaral; hindi unang naganap ang mga ito saka pa lamang beberipikahin ng mga pananaliksik.
--	---	---

Makaraan kong maisalin ang teksto, pinagpahinga ko muna ito nang dalawang araw. Isinangkot ko muna ang sarili ko sa pagtupad ng iba pang mga gawain bago binalikan ang salin. Sa tulong ng isip na napahinga at bagong perspektibang nabuo, natukoy ko ang ilang kahinaan sa aking salin na noong huli kong tingi'y palagay kong siyang pinakamainam ko nang magagawa. Pagkaraan nito, isinagawa ko ang panghuli pang mga rebisyon at saka itinabi ang pinakahuling bersiyon.

Ebalwasyon ng Salin: Pansariling Subok, Pagsubok sa Pag-unawa, Pagtatanong sa Di Eksperto

Upang mabuo ang proseso, tatlong paraan ang ginamit ko sa pagtataya ng kahusayan ng aking salin. Sa una, sinubok ko ang sarili kong salin sa pamamagitan ng muling pagbalik dito mula simula hanggang wakas. Bagamat naselyuhan ko na ang huling rebisyon, muli ko pa ring binasa ang salin mula una hanggang huling pangungusap; pinulsuhan kung madulas bang basahin, natural pakinggan at mabilis unawain ang bawat bahagi; at sinuri kung nahuli ko ba talaga ang kahulugang nilalayon ng may-akda sa bawat pangungusap at kung ang panumbas bang ginamit ko ang pinakamaangkop. Dito, natuklasan kong may ilang bahagi pa rin palang mali ang pagkaintindi ko sa diwa at nangangailangan ng muling-pagsasalin, gaya ng mga sumusunod:

Orihinal: My fellow citizens

Unang salin: Mga kapwa ko mamamayan

Panghuling salin 1: Mga minamahal kong kababayan

Panghuling salin 2: Mga kababayan ko

Tinumbasan ko ang salitang “fellow” ng minamahal dahil nakasanayan na natin sa ating kultura na sa tuwinang mangungusap sa atin ang ating mga pinuno, gumagamit sila ng mga pananalitang nagpapahayag ng kanilang pagpapahalaga sa atin bilang mga taong nagluklok sa kanila sa puwesto at kanilang pinaglilingkuran, gaya ng “giliw”, “minamahal”, at iba pa. Gayunpaman, sa pagbalik ko sa isa sa mga teoryang ginamit ko sa pagsasalin, ang pananaw ni Schleiermacher na dapat maging tunog-dayuhan ang isang salin, napagtanto kong hindi sinromantisado ng mga Pilipino ang mga Amerikano at higit na propesyonal ang pakikitungo nila sa isa’t isa sa halip na mainit dahil sa pagtuturingang magkakapamilya. Kung gagamitin ko ang “minamahal”, magiging pag-aangkop ito sa ating kultura at baka makapagpadama pa sa mga mambabasa na sila ang pinaglalaanan ng teksto, gayong taliwas ito sa nabanggit kong layunin sa unang bahagi ng paliwanag ko sa proseso. Dahil dito, hinanap ko ang leksikal na kahulugan ng salitang fellow na kinabibilangan ng “equal, colleague, associate” o sa Filipino ay “kapantay o kasama”. Kung gagamitin ko ang saling “mga kapwa ko mamamayan”, hindi ito magiging tunog natural at magpapahiwatig na para bang pare-parehas lamang na mga taong nananahan sa Estados Unidos ang mga Amerikano, kabilang na si Pangulong Obama, bumubuo ng sarili nilang unyong

nagkakatiyon-tiyan at may hiwalay pang gobyernong nasa labas ng kanilang hanay. Kung kukunin ko naman ang saling “mga kapwa ko kababayan”, magkakaroon naman ng pag-uulit ng kahulugan dahil ang salitang kababaya’y nangangahulugan nang “kapwa sa bayan”. Dahil dito, napagpasyahan kong gamitin ang “mga kababayan ko”, isang saling may higit na propesyonal na himig at walang gaanong damdaming nakakabit na sadyang tunog-Amerikano. Palagay ko’y nahuli rin ng salin ang pangunahing diwa ng simulaang lenggwahe na kilanlin ang target audience ng talumpati upang maihanda sila sa pakikinig sa mga salitang bibigkasin ng ispiker na sadyang para sa kanila.

Nang makahantong na ako sa panghuling salin ko ng teksto at matiyak na wala nang anumang rebisyong ipapasok dito, sinubok ko na kung malinaw itong mauunawaan ng mga pinaglalaanang mambabasa. Para sa lahat ng Pilipino ang aking salin ngunit iminumungkahi ko ito sa mga mamamayang may sapat nang pang-unawa at kamulatan sa mga isyung panlipunan sa ating bansa sapagkat sila, higit kaninuman, ang makakakilala sa kaangkupan ng teksto sa kasalukuyan. Kung magkakabisa ito sa kanila, sila rin ang may higit na kakayahan at siyang inaasahang kikilos upang makamit ang mga inaasahang pagbabago. Upang maisagawa ang pangalawang paraan sa ebalwasyon ng salin, tumawag ako ng isang kasamahang guro sa Araling Panlipunan at ipinabasa sa kanya ang salin. Dahil isa rin siyang propesyonal, hindi ko na hiniling sa kanyang basahin nang malakas ang teksto; sa halip, tunghayan ito nang tahimik at bilugan ang mga bahaging naging magulo sa kanya, maaaring dahil sa buhol-buhol na estruktura o dahil malabo ang kahulugan. Pagkaraan, pinasagutan sa kanya ang sumusunod na mga tanong:

1. Anu-ano ang mga suliraning pampolitika, panlipunan at pang-ekonomiyang nabanggit sa talumpati? Paano raw tutugunan ng Pangulo ang mga ito?
2. Bukod sa mga Amerikano, sino-sino pang mamamayan ang pinatungkulan ni Pangulong Obama sa kanyang talumpati? Ano-ano ang naging mensahe niya sa mga ito?

Sa kabutihang-palad, iilang sugnay o prase lang ang binilugan ng aking mambabasa. Kasiya-siya rin ang naging sagot niya sa mga tanong na nangangahulugang kauna-unawa ang salin.

Panghuli, tumawag ako ng isang di eksperto upang pabasahin ng aking salin at masubok kung naunawaan ang kanyang binasa. Ito’y sa katauhan ng aking mag-aaral sa Ikalawang Taon na dahil sa kamuraan ng isip ay di masasabing ganap ang pagkakakilala sa paksa at di ganoon kalalim ang pagkakasangkot dito. Ipinabasa ko sa kanya ang teksto at binigyan ng mga katulad na tanong sa ikalawang paraan. Nasagot naman niya ang mga tanong ngunit ibinatay lamang ito sa nabasang nilalaman, hindi katulad ng unang audience nakuha ko sa pagsubok sa pag-unawa na nagawa pang mag-ugnay ng mga dating kaalaman niya ukol sa paksa at palalimin ito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa pansariling karanasan o paglalapat sa kontekstong

panlipunan natin. Gayunpaman, ang mahalaga'y napagtibay kong sapat ang linaw ng aking salin na pinatutunayan ng kakayahan nitong makatayo sa sariling gana at mapaghanguan ng mga kaalaman, karunungan at pagpapahalaga.

MGA SANGGUNIAN:

Almario, Virgilio S. et al. 1996. *Patnubay sa Pagsasalin*. National Commission for Culture and the Arts, Manila.

Batnag, Aurora E. 1997. "Pagbubuo ng Teorya sa Pagsasalin ng Tula: Paglalapat sa mga Piling Tulang Africano." Di nalathalang disertasyon. Philippine Normal University, Manila.

Batnag, Aurora E. at Petras, Jayson. 2009. *Teksbuk sa Pagsasalin*. C & E Publishing, Inc., Quezon City.

Obama, Barack. 2009. "Transcript: Barack Obama's Inaugural Address." *National Public Radio*. <https://www.npr.org/2010/12/02/99590481/transcript-barack-obama-s-inaugural-address>

Tungkol sa may-akda:**ALVIN RINGGO C. REYES**

Kasalukuyang tagapangulo ng Kagawaran ng Edukasyong Pangguro sa University of Sto. Tomas, Manila. Nagtapos ng M.A. sa Araling Filipino sa De La Salle University, Manila at kumukuha ng doktorado sa nasabing unibersidad. Awtor ng mga teksbuk sa hayskul.